Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

# Wika ng kabataan sa digital na panahon

Eleanor P. Una, MAEd Filipino
Universidad de Sta. Isabel, Elias Angeles Street 4400, Naga City, Philippines
Corresponding Author email: *eleanor.una@deped.gov.ph*

**Received**: 13 March 2026 **Revised**: 15 April 2026 **Accepted**: 18 April 2026

**Available Online**: 20 April 2026

**Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471**

**https://doi.org/10.63498/pdpf2**

**Abstrak**
**Layunin**. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin, suriin, at ipaliwanag ang mga karaniwang salitang ginagamit ng Generation Z at Generation Alpha sa kontekstong digital.
**Metodolohiya**. Ginamit ang mixed-methods research design na may embedded design, kung saan pinagsama ang kwalitatibong panayam at deskriptibong kwantitatibong survey upang matukoy ang kahulugan, gamit, at dalas ng paggamit ng mga salita.
**Resulta**. Ipinakita ng resulta na mataas ang paggamit ng mga salitang panlipunan, emosyonal, at digital, na nagiging kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin at pagbuo ng identidad. Natukoy ang anim na kategorya ng salita: damdamin, panlipunan, teknolohiya at gaming, social media, pagkakakilanlan, at pangbarkada. Lumitaw din na ang paggamit ng wika ay naaapektuhan ng social media, kultura, henerasyon, at peer influence.
**Konklusyon**. Mahihinuha na ang wika ng kabataan ay dinamiko at kontekstwal, na sumasalamin sa kanilang karanasan at ugnayang panlipunan. Binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng pag-unawa sa makabagong wika bilang batayan sa epektibong pagtuturo ng Filipino at paghubog ng komunikasyon sa digital na panahon.
***Mga Susing Salita:*** *wika ng kabataan, Gen Z, Gen Alpha, digital na komunikasyon, identidad*

## INTRODUKSYON

Sa pandaigdigang konteksto, ang wika ay patuloy na hinuhubog ng digital communication, globalisasyon, at mabilis na pag-unlad ng teknolohiya. Ipinakikita sa mga kontemporaryong pag-aaral na ang social media ay nagsisilbing espasyo ng linggwistikong inobasyon kung saan ang mga gumagamit, lalo na ang kabataan, ay lumilikha ng mga bagong anyo ng wika tulad ng pinaikling salita, code-switching, at iba pa. Sa perspektibong sosyolinggwistika, ang mga pagbabagong ito ay hindi lamang usaping linggwistiko kundi repleksyon ng identidad, kapangyarihan, at pakikilahok sa digital na komunidad.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang digital slang ay hindi lamang linggwistikong pagbabago kundi isang anyo ng identity construction at social positioning sa loob ng mga digital na espasyo at konteksto ng pakikipag-ugnayang panlipunan (Nakhchivan, 2024). Sa ganitong konteksto, ang social media ay nagsisilbing mahalagang espasyo ng pagbabago ng wika kung saan ang kahulugan ng mga salita ay nagiging mas dinamiko, kontekstwal, at nakabatay sa interaksiyon ng mga gumagamit (Nghipondoka et al., 2025).

Dagdag pa rito, binibigyang-diin ng mga pag-aaral sa youth language na ang slang ay nagsisilbing marker ng social identity at cultural belonging, partikular sa interaksiyon ng kabataan sa online platforms (Goryacheva, 2023; Zulkhaeriyah et al., 2022). Ang linguistic variation sa pagitan ng Gen Z at Gen Alpha ay nagpapakita ng mabilis na pagbabago sa lexical system ng digital communication (Melissa et al., 2024).

Samantala, binibigyang-diin ng DepEd Order No. 21, s. 2019 ang kahalagahan ng kontekstuwalisadong pagtuturo sa ilalim ng K to 12 Curriculum, kung saan ang wika ng mag-aaral ay itinuturing na mahalagang salik sa pagkatuto. Kaugnay nito, itinatag ng Republic Act No. 7104, 1991 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na may mandato sa pananaliksik, dokumentasyon, at pagpapaunlad ng wikang Filipino. Ipinapakita ng mga patakarang ito ang pangangailangan na isama sa akademikong diskurso ang mga umuusbong na anyo ng wika, kabilang ang wika ng kabataan sa digital na panahon.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Bagama't maraming pag-aaral tungkol sa wika ng kabataan, nananatiling hindi pa sapat ang integratibong pagsusuri sa kahulugan, gamit, at konteksto nito sa perspektibong Filipino, partikular sa mas malawak na sosyo-kultural na dimensyon ng digital na komunikasyon, kaya't lumilitaw ang mga puwang sa kakulangan ng integratibong pagsusuri ng anyo, kahulugan, at gamit ng slang, limitadong sistematikong pagkakategorya ng mga salita, kakulangan sa pagsusuri ng mga salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit nito, at kawalan ng aplikatibong output tulad ng diksyunaryo ng kontemporaryong wika ng kabataan; dahil dito, nilalayon ng pag-aaral na punan ang mga puwang sa pamamagitan ng pagkilala at pagkalap ng karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha, pagbuo ng sistematikong kategorya ng mga salitang ito, pagbibigay ng talakahulugan (diksyunaryo), at pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit ng mga salita.

Ang pag-aaral na ito ay nag-aambag sa wikang Filipino sa pamamagitan ng sistematikong dokumentasyon at pagsusuri ng mga kontemporaryong salitang ginagamit ng Generation Z at Generation Alpha, na nagpapalawak sa pag-unawa sa dinamismo ng wika sa digital na panahon. Pinatitibay nito ang ugnayan ng wika, komunikasyon, at identidad ng kabataan sa loob ng kulturang Pilipino at digital discourse. Nagbibigay ito ng praktikal na batayan para sa mga guro sa Filipino sa kontekstuwalisadong pagtuturo, at nagsisilbing empirikal na sanggunian para sa mga mananaliksik at iskolar. Nakatutulong din ito sa mga institusyong pangwika tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino sa kanilang mandato na paunlarin ang wika. Sa kabuuan, pinalalalim ng pag-aaral ang diskurso sa wika, kultura, at edukasyon sa kontemporaryong lipunan.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Sa kontemporaryong sosyolingguwistikang diskurso, kinikilala ang wika ng kabataan bilang isang dinamiko at patuloy na nagbabagong penomenon na malapit na nakaugnay sa digital na komunikasyon. Ayon kay Goryacheva (2023), ang youth slang ay hindi lamang simpleng paglihis sa pamantayang wika kundi isang panlipunang konstruk na nag-uugnay sa identidad at estruktura ng lipunan. Gayunpaman, ang ganitong pananaw ay nananatiling deskriptibo at kulang sa empirikal na ebidensiyang nagpapakita ng mekanismo ng semantic change sa iba't ibang konteksto, partikular sa kung paano sistematikong nagaganap ang pag-usbong at pagbabago ng kahulugan sa digital discourse.

Sa larang ng digital discourse, nagkakaisa ang mga pag-aaral na ang social media ang pangunahing lunan ng linguistic innovation. Ipinakita nina Siagian et al. (2022) na ang paggamit ng slang sa TikTok ay nagpapakita ng sistematikong lexical variation, habang natuklasan nina Ramadhani at Pujiyatno (2025) ang mga prosesong morpolohikal tulad ng abbreviation, clipping, at creative word formation. Bagaman magkakatugma ang kanilang mga natuklasan, kapansin-pansin ang kakulangan sa cross-contextual validation ng mga datos, dahilan upang manatiling limitado ang generalizability ng kanilang mga resulta sa magkakaibang digital at sosyokultural na setting.

Samantala, binibigyang-diin nina Syaputra et al. (2024) na ang slang ay nagsisilbing estilistikong anyo ng komunikasyon sa Instagram, samantalang ipinapakita nina Nakhchivan (2024) na ito ay bahagi ng mas malalim na identity performance sa digital discourse. Ang pagkakaibang ito ay nagpapakita ng tensyon sa pagitan ng surface-level linguistic usage at deeper discourse functions, na hindi pa ganap na napag-uugnay sa umiiral na literatura.

Dagdag pa rito, ipinapakita nina Yusuf at Fata (2022) na ang slang ay nagsisilbing expressive tool para sa emosyon at interpersonal engagement. Gayunpaman, hindi nito nasusuri ang antas ng linguistic competence na nalilinang sa paggamit ng slang, partikular kung paano nito naaapektuhan ang leksikal na pag-unawa, pragmatikong interpretasyon, at komunikatibong kahusayan ng mga gumagamit.

Sa usapin ng pagkakaiba ng henerasyon, natuklasan nina Melissa et al. (2024) na may malinaw na distinksyon sa paggamit ng slang ng Gen Z at Gen Alpha. Subalit, nananatiling limitado ang mga pag-aaral sa sistematikong pagkakategorya ng mga salitang ito at sa pag-uugnay nito sa mga salik tulad ng social media exposure, edad, at peer interaction.

Bukod dito, binibigyang-diin nina Zulkhaeriyah et al. (2022) ang tensyon sa pagitan ng linguistic innovation at standard language maintenance. Gayunpaman, kulang ang kanilang pagsusuri sa kung paano maisasalin ang mga natuklasan sa konkretong output tulad ng leksikograpikal na dokumentasyon, gaya ng pagbuo ng diksyunaryo.

**Sintesis**

Batay sa mga pag-aaral, malinaw na ang slang ay produkto ng patuloy na linguistic innovation na nakaugat sa digital communication environments; gayunpaman, nananatiling fragmentado ang pagtalakay sa ugnayan ng anyo, kahulugan, at gamit ng wika, kaya't hindi pa ganap na naipapakita ang integratibong proseso kung paano sabay-sabay na nabubuo at nagbabago ang mga salitang ito sa aktuwal na digital na konteksto. Ipinapakita ng mga pag-



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

aaral na ang social media platforms tulad ng TikTok at Instagram ay pangunahing espasyo ng lexical creativity at semantic shift (Siagian et al., 2022; Syaputra et al., 2024).

Dagdag pa rito, ang slang ay hindi lamang linguistic form kundi social identity marker na nagpapakita ng belonging, emotional expression, at cultural positioning (Goryacheva, 2023; Nakhchivan, 2024). Sa pagitan ng mga henerasyon, lumilitaw ang malinaw na variation sa paggamit ng wika na nagpapakita ng evolving identity structures (Melissa et al., 2024).

Bagama't maraming pag-aaral ukol sa wika ng kabataan, nananatiling limitado ang sistematikong pagsusuri sa kahulugan at kontekstuwal na gamit ng mga salitang ito sa perspektibong Filipino. Sa pagsusuri ng mga nabanggit na literatura, lumilitaw ang sumusunod na mga puwang:

1. Kakulangan sa integratibong pagsusuri ng anyo (form), kahulugan (meaning), at gamit (usage) ng slang;
2. Limitadong pag-aaral sa sistematikong pagkakategorya ng mga salita;
3. Kakulangan sa pagsusuri ng mga salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit ng slang; at
4. Kawalan ng aplikatibong output, partikular ang pagbuo ng diksyunaryo ng kontemporaryong wika ng kabataan

Nilalayon ng pag-aaral na punan ang mga puwang sa pamamagitan ng:


- Pagkilala at pagkalap ng karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha;
- Pagbuo ng sistematikong kategorya ng mga salitang ito;
- Pagbibigay ng talakahulugan (diksyunaryo); at
- Pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit ng mga salita.

Sa gayon, ang pag-aaral ay hindi lamang deskriptibo kundi analitikal at aplikatibo, na nag-aambag sa larang ng sosyolingguwistika at leksikograpiya.

**Teoretikal na Balangkas**

Upang higit na matugunan ang pamantayang pang-akademiko, ang pananaliksik na ito ay nagtataguyod ng isang pinagsanib na teoretikal at konseptuwal na balangkas na malinaw na naglalarawan ng mga baryabol, kanilang ugnayan, at mekanismo ng interaksyon. Ipinapakita sa Pigura 1 ang isang sistematikong daloy kung saan ang karaniwang salitang ginagamit ng Generation Z at Generation Alpha (dependent variable) ay hinuhubog ng mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto at paggamit ng mga salita (independent variables), at dumaraan sa kategorisasyon bilang isang *mediating process* bago humantong sa pagbuo ng diksyunaryo bilang pangunahing output. Sa modelong ito, ang mga salik ay may *direct effect* sa paglitaw, dalas, at gamit ng mga salita, habang ang kategorisasyon ay nagsisilbing mekanismo na nag-oorganisa at nag-iinterpret ng mga ito tungo sa sistematikong representasyon.

Sa mas masusing pagbasa ng pigura, makikita na ang unang ugnayan (mula sa karaniwang salita patungo sa kategorisasyon) ay kumakatawan sa analytical transformation, kung saan ang raw linguistic data ay isinasailalim sa tematikong pagsusuri. Samantala, ang ugnayan mula sa kategorisasyon patungo sa diksyunaryo ay isang output transformation, kung saan ang naorganisang datos ay isinasalin sa isang leksikograpikal na anyo. Ang patayong ugnayan ng mga salik patungo sa karaniwang salita ay nagpapakita ng direct causal influence sa paglitaw at paggamit ng mga salita, partikular sa kanilang dalas (frequency), konteksto ng paggamit, at semantikong pagbabago.




**Pigura 1.** Konseptuwal na balangkas ng pag-aaral sa pagsusuri at pagbuo ng diksyunaryo ng mga karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha.

Sa aspektong teoretikal, ang pag-aaral ay hindi lamang naglalapat kundi nag-iintegrate ng sosyolingguwistika, Digital Discourse Theory, at youth language variation bilang magkakaugnay na sistema. Ayon



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

sa sosyolingguwistika, ang wika ay nakaugat sa identidad at panlipunang ugnayan (Goryacheva, 2023), ngunit sa konteksto ng digital na panahon, ang identidad na ito ay patuloy na hinuhubog at nire-rekonstrak sa pamamagitan ng online interaction. Dito pumapasok ang Digital Discourse Theory, na nagpapakita na ang konteksto ng digital platforms ay hindi lamang daluyan kundi aktibong mechanism of meaning-making kung saan nagaganap ang semantic shift (Nakhchivan, 2024). Ang dalawang prosesong ito—identity formation at contextual meaning-making—ay hindi magkahiwalay kundi sabayang nagaganap at nag-iinterak.

Pinagdurugtong ang mga ito ng youth language variation, na nagsisilbing dynamic interface na nagpapaliwanag kung paano nag-iiba ang paggamit ng wika batay sa henerasyon, exposure, at interaksyon (Melissa et al., 2024; Zulkhaeriyah et al., 2022). Sa modelong ito, ang variation ay hindi lamang resulta kundi proseso na nag-uugnay sa identidad at konteksto. Halimbawa, ang isang salita ay maaaring lumitaw mula sa peer interaction (identity-driven), mabago ang kahulugan sa social media (context-driven), at mag-iba ang paggamit depende sa grupo (variation-driven). Sa ganitong paraan, ang tatlong teorya ay bumubuo ng isang interdependent system sa halip na magkakahiwalay na paliwanag.

Sa metodolohiya, ang balangkas ay direktang nakaangkla sa mixed-methods na disenyo ng pag-aaral. Ang frequency analysis ay kumakatawan sa kuwantitatibong bahagi, kung saan ang mga salitang umabot sa ≥30% na paggamit mula sa 60 respondente ay itinuturing na "karaniwan." Samantala, ang thematic categorization at semantic validation ay kumakatawan sa kwalitatibong bahagi, kung saan sinusuri ang gamit, kahulugan, at konteksto ng mga salita. Lumabas sa pag-aaral na ang mga pangunahing salik na nakaaapekto sa pagkatuto at paggamit ng mga salita ay kinabibilangan ng social media exposure, peer influence, at kultural na impluwensiya, na may magkakaibang antas ng impluwensya sa lexical emergence (paglitaw ng salita), frequency (dalas ng paggamit), at semantic shift (pagbabago ng kahulugan).

Ang proseso ng pagsusuri ay inilalarawan bilang isang replicable algorithmic workflow na binubuo ng apat na yugto: (1) data extraction, (2) frequency filtering, (3) thematic categorization, at (4) semantic validation. Ang bawat yugto ay may tiyak na papel: ang filtering ay tumutukoy sa lexical salience, ang categorization ay nag-oorganisa ng functional roles ng salita, at ang validation ay nagsisiguro ng kontekstwal na katumpakan ng kahulugan. Ang prosesong ito ay maaaring ulitin upang matiyak ang reliability at consistency ng resulta.

Sa huling bahagi, ang diksyunaryo ng mga karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha ay muling ipinoposisyon hindi lamang bilang output kundi bilang isang empirical at theoretical contribution. Bilang isang corpus-based linguistic artifact, ito ay nagsisilbing ebidensya kung paano nag-iinterak ang identidad, konteksto, at variation sa pagbuo ng wika ng kabataan. Higit pa rito, ang balangkas na ito ay nag-aambag sa umiiral na literatura sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang integrated analytical model na nag-uugnay sa sosyolingguwistika at digital discourse sa isang operational at empirically grounded na paraan. Sa kabuuan, ang rebisadong balangkas ay hindi lamang naglalarawan ng proseso kundi nagbibigay ng isang matibay na teoretikal at metodolohikal na pundasyon para sa pagsusuri ng wika sa digital na henerasyon.

**Suliranin ng Pag-aaral**

Patuloy na nagbabago ang wikang Filipino dulot ng impluwensiya ng teknolohiya, internet, at social media, partikular sa paggamit ng mga kabataang kabilang sa Generation Z (Gen Z) at Generation Alpha (Gen Alpha). Lumilitaw ang mga bagong salita, pinaikling anyo, at hiram na termino na nagiging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon at nagsisilbing daluyan ng kanilang identidad at karanasan sa digital na mundo.

Bagama't kinikilala ang dinamismo ng wika, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na sistematikong sumusuri sa kahulugan, pag-uuri, at mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng mga kontemporaryong salitang ito sa kontekstong Filipino. Higit pa rito, kulang ang empirikal na datos na maaaring magsilbing batayan sa paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na nakaangkla sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral.

Sa kontekstong ito, kinakailangang suriin ang mga karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha upang mas maunawaan ang pag-unlad ng wikang Filipino bilang isang buhay at patuloy na nagbabagong sistema. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tugunan ang kakulangan sa dokumentasyon at pagsusuri ng wika ng kabataan, gayundin ang ambag nito sa edukasyon, komunikasyon, at kulturang Pilipino.

**Mga Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin, suriin, at ipaliwanag ang mga karaniwang salitang ginagamit ng Generation Z (Gen Z) at Generation Alpha (Gen Alpha) sa konteksto ng kontemporaryong komunikasyon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Tiyak na Layunin**

1. Tukuyin ang mga karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha;
2. Ipaliwanag ang kahulugan at interpretasyon ng mga salitang ito batay sa pananaw ng kabataan;
3. Uriin ang mga salitang ito ayon sa kanilang sosyolingguwistikong katangian;
4. Suriin ang mga salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit ng mga salita; at
5. Makabuo ng mga mungkahing estratehiya o rekomendasyon para sa pagtuturo ng Filipino batay sa natuklasan ng pag-aaral.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga karaniwang salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha?
2. Ano ang kahulugan ng mga salitang ito batay sa pananaw ng kabataan?
3. Paano maaaring uriin ang mga salitang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha ayon sa kanilang sosyolingguwistikong katangian?
4. Ano-ano ang mga salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit ng mga salitang ito?
5. Anong mga rekomendasyon ang maaaring mabuo batay sa kinalabasan ng pag-aaral para sa pagtuturo ng Filipino?

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Gumamit ang pag-aaral ng Mixed Methods Research Design na may Embedded Design, kung saan kwalitatibo ang pangunahing disenyo at sinusuportahan ng deskriptibong kwantitatibong pamamaraan. Ang ganitong disenyo ay angkop sa mas malalim na pagsusuri ng kahulugan, konteksto, at paggamit ng wika ng Generation Z at Generation Alpha, habang sinusuportahan ng estadistikal na paglalarawan ng mga datos.

Ginamit ang survey na may frequency at percentage analysis upang matukoy ang mga karaniwang salitang ginagamit ng mga kalahok na tumutugon sa Layunin 1. Samantala, gumamit ng semi-structured interview at thematic analysis upang masagot ang Layunin 2, 3, at 4 na nakatuon sa kahulugan, pag-uuri, at mga salik sa paggamit ng wika.

Ang integration ng datos mula sa parehong metodo ay isinagawa upang makabuo ng mas komprehensibong interpretasyon at rekomendasyon para sa Layunin 5. Sa kabuuan, ang dominanteng kwalitatibong disenyo na sinusuportahan ng kwantitatibong datos ay nagbibigay ng mas kontekstuwal at empirikal na pag-unawa sa wika ng kabataan sa digital na panahon.

**Mga Kalahok**

Kasama sa pag-aaral ang 60 mag-aaral mula sa Gen Z (1997–2010) o ang mga mag-aaral mula Baitang 9 hanggang Baitang 12, at Gen Alpha (2011–2025) o ang mga mag-aaral ng Baitang 7 at Baitang 8 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Calabanga sa Agham, Taong Panuruan 2025-2026. Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling batay sa edad, antas ng pag-aaral, at kakayahang magpahayag ng opinyon sa wikang ginagamit nila. Nagbigay sila ng datos tungkol sa karaniwang salita, paraan ng pag-uuri, salik na nakaaapekto sa paggamit, at mungkahi para sa mas malalim na pag-unawa sa wika ng kabataan.

**Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng self-developed survey questionnaire at semi-structured interview guide bilang pangunahing instrumento ng pag-aaral. Ang survey questionnaire ay binubuo ng dalawang bahagi: (A) talaan ng mga karaniwang salita at ang sariling pagpapakahulugan ng mga kalahok, at (B) espasyo para sa pagdaragdag ng iba pang salitang ginagamit sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon. Samantala, ang semi-structured interview guide ay binubuo ng walong (8) gabay na tanong na nakatuon sa konteksto, karanasan, at impluwensiya ng kulturang digital sa paggamit ng wika. Upang matiyak ang content validity, ang mga instrumentong binuo ay sumailalim sa pagsusuri ng mga eksperto sa larangan ng wika at pananaliksik bago ang aktuwal na pangangalap ng datos. Bagama't ang pag-aaral ay pangunahing kwalitatibo, siniguro ang consistency ng coding process sa pamamagitan ng paggamit ng standardized thematic coding guide at color-coding scheme, na nagsilbing batayan ng internal reliability ng pagsusuri.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board
Registration as Book Publisher
(Print & Digital): 6312

**Pagkalap ng Datos**

Nakuha ng mananaliksik ang pahintulot ng Dekano at mga pinuno ng paaralan bago isagawa ang pag-aaral sa Pambansang Mataas na Paaralan ng Calabanga sa Agham, Taong Panuruan 2025-2026. Isinagawa ang sumusunod na sistematikong proseso: una, pagkuha ng institutional approval mula sa administrasyon ng paaralan; ikalawa, pagpili ng mga kalahok gamit ang purposive sampling batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral; ikatlo, pagpapaliwanag ng layunin ng pag-aaral at pagsasagawa ng informed consent process, kabilang ang boluntaryong partisipasyon at kumpidensiyalidad ng datos; ikaapat, aktuwal na pangangalap ng datos gamit ang survey at semi-structured interview; ikalima, pagre-record ng panayam gamit ang voice recorder para sa tumpak na transkripsyon; at ikaanim, transkripsyon ng lahat ng datos at paunang organisasyon ng responses para sa pagsusuri.

Ginamit ang survey upang makuha ang frequency at percentage distribution ng mga karaniwang salita, habang ang panayam ay nagsilbing pangunahing pinagmumulan ng malalim na kwalitatibong datos. Ang pagsasanib ng dalawang metodo ay nagbigay-daan sa triangulated understanding ng wika ng kabataan.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang Mixed Methods Embedded Design, kung saan kwalitatibong pagsusuri ang pangunahing estratehiya at sinusuportahan ng deskriptibong estadistika. Lahat ng sagot mula sa voice recording ay itinranskriba at muling pinakinggan para matiyak ang katumpakan. Ang mga datos mula sa interview transcripts ay sinuri gamit ang Thematic Analysis na dumaan sa sumusunod na proseso: Familiarization with data (paulit-ulit na pakikinig at pagbabasa ng transcript); Open coding (pagkilala sa makabuluhang pahayag at ideya); Axial coding (pagsasama ng magkakaugnay na codes); at Thematic development (pagbuo ng pangunahing tema). Lumabas sa pagsusuri ang mga tema gaya ng damdamin, panlipunan, kultura ng social media, at barkada.

Ang survey data naman ay sinuri gamit ang Frequency count at Percentage distribution. Ginamit ito upang tukuyin ang pinaka-madalas na ginagamit na salita ng mga kalahok at magsilbing deskriptibong basehan ng unang layunin ng pag-aaral.

Hinati ang pagsusuri ayon sa layunin ng pag-aaral: Layunin 1–2, tukuyin ang karaniwang salita at sariling pagpapakahulugan; Layunin 3, pag-uuri ng salita batay sa estruktura at gamit gamit ang deskriptibong teknik; Layunin 4, pagtukoy sa salik na nakaaapekto sa kaalaman at paggamit, tulad ng social media, henerasyon, peer influence, at identidad; Layunin 5, pagbuo ng mga panukala batay sa resulta.

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Nagbigay ng etikal na konsiderasyon ang pag-aaral na ito upang maprotektahan ang mga kalahok at mapanatili ang integridad ng pag-aaral. Ang paggalang sa karapatan, kapakanan, at pagiging pribado ng mga kalahok ang isinasaalang-alang upang matiyak na walang sinumang maaapektuhan nang negatibo dahil sa pananaliksik na ito. Bago simulan ang pangangalap ng datos, humingi muna ng pormal na pahintulot mula sa mga kalahok. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral, ang proseso ng pangangalap ng datos, at kung paano gagamitin ang kanilang impormasyon. Sinigurado rin na nauunawaan nila na ang kanilang pakikilahok ang boluntaryo at maaari silang umatras anumang oras kung nais nila. Lahat ng impormasyon na makukuha mula sa mga kalahok ang mananatiling pribado at kumpidensyal. Hindi inilalagay sa pananaliksik ang tunay nilang pangalan maliban kung may pahintulot silang ibigay ito.

Bukod dito, iniimbak nang ligtas ang mga sagot sa survey at panayam upang maiwasan ang maling paggamit ng datos. Ginamit ang nakuhang impormasyon lamang para sa layunin ng pananaliksik. Hindi ito ipinamamahagi, ibinebenta, o ginagamit para sa personal na interes. Siniguradong sinusunod ang mga patakaran ng akademikong integridad sa pagproseso at paggamit ng datos upang mapanatili ang kredibilidad ng pag-aaral.

**MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na ang wika ng Generation Z at Generation Alpha ay isang dinamiko, nagbabago, at sosyokultural na penomenon na malalim ang pagkakaugat sa digital na kapaligiran. Batay sa pinagsamang kwalitatibo at kwantitatibong datos, lumitaw na ang mga salita ay hindi lamang yunit leksikal kundi mga marker ng identidad, ugnayang panlipunan, at partisipasyon sa digital na diskurso. Ang resulta ay nakaayon sa embedded mixed methods design kung saan ang kwalitatibong datos ang pangunahing pinag-ugatan ng interpretasyon, habang ang kwantitatibong datos ay nagsilbing deskriptibong suporta.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Mga Karaniwang Salitang Ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha**

Natukoy ang mga salitang may mataas na frequency gaya ng *Marites, Bardagulan, Deadma, Charot, Lodi,* at *Main Character*, batay sa frequency at percentage analysis ng datos mula sa 60 kalahok, na nagpapakita ng malinaw na pattern ng social interaction at identity performance sa digital na komunikasyon. Ang mga salitang ito ay nagpapakita ng malinaw na pattern ng social interaction at identity performance sa digital na komunikasyon.

Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na ang wika ng kabataan ay hindi basta koleksyon ng balbal na salita, kundi isang sistematikong anyo ng linguistic innovation na hinuhubog ng social media environment. Ayon kay Nakhchivan (2024), ang digital slang ng Gen Z ay isang anyo ng linguistic innovation kung saan ang mga salita ay nagkakaroon ng bagong kahulugan batay sa paggamit sa online platforms. Dagdag pa rito, ipinapakita nina Siagian et al. (2022) at Ramadhani & Pujiyatno (2025) na ang TikTok at iba pang social media platforms ay nagiging pangunahing espasyo ng lexical expansion at pagbabago ng bokabularyo ng kabataan.

Ang mga salitang may mataas na paggamit tulad ng *Marites* ay hindi lamang tumutukoy sa tsismis kundi nagiging simbolo ng shared cultural understanding, habang ang *Main Character* ay nagpapakita ng performative identity na nakaangkla sa digital self-representation (Syaputra et al., 2024).

Ipinapakita ng resulta na ang mga salitang ito ay may potensyal bilang pedagogical entry point sa pagtuturo ng semantics at pragmatics, na maaaring mag-ugnay ng kontemporaryong digital na wika sa pormal na pagkatuto ng Filipino sa kontekstong pang-edukasyon.

**Pagpapakahulugan ng mga Gen Alpha at Gen Z sa mga Karaniwang Salitang Ginagamit Nila**

Lumabas sa resulta na ang kahulugan ng mga salita ay hindi fixed kundi nagbabago batay sa konteksto ng paggamit. Ang mga salitang tulad ng *ampalaya, sheesh,* at iba pang digital expressions ay nagkakaroon ng layered at situational meanings.

Ayon kay Yusuf at Fata (2022), ang slang sa social media ay nagiging ekspresyon ng emosyon at social stance, kung saan ang kahulugan ay nag-iiba depende sa interaksyon ng gumagamit. Ang ganitong dinamiko ay sumusuporta sa pananaw na ang slang ay hindi lamang lexical item kundi isang communicative strategy sa digital discourse. Dagdag pa rito, ipinapakita nina Zulkhaeriyah et al. (2022) na ang patuloy na paggamit ng slang ay nagdudulot ng semantic shift na nakaaapekto sa pag-unlad ng pambansang wika, habang binabago nito ang paraan ng pag-unawa ng kabataan sa tradisyunal na bokabularyo.

Mahalagang isama sa pagtuturo ang konsepto ng kontekstuwal na kahulugan upang maiwasan ang literal na interpretasyon ng mga mag-aaral sa makabagong wika.

**Pag-uuri ng mga Salitang Ginagamit ng mga Gen Alpha at Gen Z**

Natuklasan mula sa isinagawang pag-aaral na hindi lamang bahagi ng modernong komunikasyon ang mga salitang ginagamit ng mga Gen Alpha at Gen Z kundi nagpapahayag din ng identidad, kultura, at kaugalian ng mga Gen Alpha at Gen Z. Nagpapakita nang mabilis na pagbabago sa paraan ng pakikipagkapuwa at pagpapahayag ng sarili sa makabagong panahon ang kanilang wika. Patunay na isa rin itong pag-adapt sa patuloy na pagbabago ng komunikasyon sa kasalukuyang henerasyon ang paggamit ng mga salitang ito. Gamit ang Thematic Analysis, natukoy ang mga tema at/o kategoryang lumitaw mula sa mga sagot ng mga kalahok upang mauri ang mga salitang karaniwang ginagamit ng mga Gen Alpha at Gen Z. Nakasaad sa bawat kategorya ang mga salitang karaniwang ginagamit.

Ipinakita sa mga susunod ang mga piling salitang karaniwang ginagamit ng mga kabataang Pilipino sa kontemporaryong diskursong digital.

*Salitang nagpapahayag ng damdamin o reaksyon*

Ang mga salitang tulad ng *cringe, gigil, hays,* at *lit* ay nagsisilbing mabilis na paraan ng pagpapahayag ng emosyon sa digital na espasyo.

*Salitang panlipunan o pakikipag-ugnayan*

Ang *bro, jowa, chika,* at *sana all* ay ginagamit upang patatagin ang ugnayang panlipunan at interpersonal bonding

*Salitang kaugnay sa Teknolohiya at Gaming*

Ang *GG, lag, meta,* at *noob* ay nagpapakita ng integration ng digital gaming culture sa pang-araw-araw na wika.

*Salitang nauugnay sa kultura ng Social Media*

Ang *cancel, clout, stan,* at *ghosting* ay nagpapakita ng moral at social evaluation sa online environment.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

*Salitang nagpapakita ng pagkakakilanlan*

Ang *slay, glow up,* at *sigma* ay nagpapakita ng performative identity at self-branding.

*Salitang eksklusibo o pangbarkada*

Ang eksklusibong mga salita ay nagsisilbing linguistic boundary na nagtatakda ng inclusion at exclusion.

Ipinapakita ng pag-uuri na ang wika ng kabataan ay may sistematikong sosyal na tungkulin at hindi lamang koleksyon ng slang. Ito ay organisadong sistema ng komunikasyon na nakabatay sa social function.

Maaaring gamitin ang kategoryang ito bilang pedagogical framework sa pagtuturo ng diskurso, semantics, at sociolinguistics sa Filipino.

**Mga Salik na Nakaaapekto sa Kaalaman ng mga Salitang Karaniwan sa Gen Alpha at Gen Z**

Natukoy ang dalawang pangunahing salik: social media exposure at kultural-henerasyonal na impluwensiya. Ayon kay Siagian et al. (2022), ang TikTok ay isa sa pangunahing plataporma kung saan mabilis na natututuhan at naipapalaganap ang slang ng Gen Z. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Syaputra et al. (2024) na nagsasabing ang Instagram at iba pang social media platforms ay nagiging pangunahing daluyan ng lexical innovation.

Samantala, ipinapakita nina Melissa et al. (2024) na ang henerasyonal na pagkakakilanlan ay nakaaapekto sa pagkakaiba ng paggamit ng slang sa pagitan ng Gen Z at Gen Alpha.

Ang mga salik na ito ay nagpapakita na ang language learning ay socially embedded at usage-driven (Ramadhani & Pujiyatno, 2025), kung saan ang digital environment ay nagiging pangunahing learning space ng wika.

**Mga Salik na Nakaaapekto sa Paggamit ng mga Salitang Karaniwan sa Gen Alpha at Gen Z**

Natukoy ang peer influence at identity formation bilang pangunahing salik sa aktuwal na paggamit ng slang. Ayon kay Zulkhaeriyah et al. (2022), ang paggamit ng slang ay nakaaapekto sa linguistic identity ng kabataan at nagiging simbolo ng social belonging. Dagdag pa rito, ipinapakita nina Goryacheva (2023) na ang slang ay ginagamit bilang marker ng inclusion at exclusion sa social groups.

Samantala, ipinapakita nina Nakhchivan (2024) na ang slang ay hindi lamang linguistic variation kundi bahagi ng identity performance sa digital spaces.

Ang peer influence ay nagsisilbing panlabas na puwersa, habang ang identity formation ay panloob na motibasyon sa paggamit ng wika.

**Kagamitang Pampagkatutong Ipinanukala**

Ang nabuong diksyunaryo ng mga salitang Gen Z at Gen Alpha ay nagsisilbing pedagogical innovation na nag-uugnay sa informal digital language at formal Filipino instruction.

Ipinapakita ng output na ang slang at kolokyal na wika ay maaaring maging lehitimong instructional material sa pagtuturo ng bokabularyo at diskurso. Ito ay nagpapatunay na ang youth language ay may sariling sistemang lingguwistiko.

Ang materyal ay maaaring gamitin bilang supplementary tool sa pagtuturo ng Filipino upang mapalawak ang leksikal at diskursibong kakayahan ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Batay sa kabuuang natuklasan ng pag-aaral, napatunayan na ang wikang ginagamit ng Gen Z at Gen Alpha ay dinamiko, malikhain, at malalim na nakaugat sa kanilang sosyokultural at digital na karanasan. Ang mga salitang kanilang ginagamit ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi nagsisilbing daluyan ng identidad, emosyon, at pakikibahagi sa komunidad.

Ipinakita rin ng pag-aaral na ang pag-unawa sa kahulugan, pag-uuri, at mga salik na nakaaapekto sa paggamit ng wika ay mahalaga sa pagpapayabong ng pagtuturo ng Filipino. Sa pamamagitan nito, nagiging mas kontekstuwalisado at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Bilang ambag sa larangan ng Filipino, ang pagbuo ng diksiyonaryo ng mga kontemporaryong salita ay nagsisilbing mahalagang hakbang sa dokumentasyon ng umuusbong na wika ng kabataan. Pinatitibay nito ang ugnayan ng tradisyunal na pag-aaral ng wika at ng makabagong anyo ng komunikasyon sa digital na panahon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Rekomendasyon**

Maaaring gamitin ng mga guro sa asignaturang Filipino ang nabuong diksiyonaryo bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo upang mapalapit ang aralin sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, maaaring maging mas makabuluhan at kontekstuwalisado ang pagkatuto ng wika.

Maaaring isaalang-alang ng mga tagapagdisenyo ng kurikulum ang integrasyon ng mga kontemporaryong anyo ng wika sa mga kagamitang pampagtuturo upang mapanatili ang kaugnayan ng asignaturang Filipino sa mabilis na pagbabago ng lipunan at teknolohiya.

Para sa mga susunod na mananaliksik, maaaring palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng mas malaking bilang ng kalahok mula sa iba't ibang rehiyon upang mas maging representatibo ang mga natuklasan. Maaari ring pag-aralan ang pagbabago ng wika sa paglipas ng panahon upang masuri ang ebolusyon nito.

Maaari pang magsagawa ng karagdagang pananaliksik hinggil sa paggamit ng kontemporaryong wika sa iba't ibang kontekstong pang-akademiko at panlipunan upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa papel nito sa komunikasyon at edukasyon.

## MGA SANGGUNIAN

Department of Education. (2019). *DepEd Order No. 21, s. 2019: Policy guidelines on the K to 12 basic education program*. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf

Goryacheva, O. N. (2023). Youth slang as a social phenomenon. *Sociopolitical Sciences, 13*(2), 51–54. https://doi.org/10.33693/2223-0092-2023-13-2-44-50

Melissa, P., Siregar, M. B. N., Shakira, F. M., Haz, L., & Rangkuti, R. (2024). Sociolinguistic study: Variation of slang words between Gen Z and Gen Alpha. *Philosophica: Jurnal Bahasa, Sastra, dan Budaya, 7*(2), 114–125. https://doi.org/10.35473/pho.v7i2.3545

Nakhchivan, Z. S. (2024). It's giving linguistic innovation: A sociolinguistic analysis of Gen Z digital slang. *EuroGlobal Journal of Linguistics and Language Education, 3*(1), 142–149. https://doi.org/10.69760/egjlle.26010013

Nghipondoka, T. N., Neshila, F. K., & Shivute, J. I. (2025). Social media's impact on language evolution. *International Journal of Linguistics and Translation Studies, 6*(4), 221–241. https://doi.org/10.36892/ijlts.v6i4.621

Ramadhani, A. S., & Pujiyatno, A. (2025). Revealing slang words used by Generation Z on social media TikTok. *International Journal of English Linguistics, Literature, and Education, 7*(2), 67–79. https://doi.org/10.32585/ijelle.v7i2.6950

Republic of the Philippines. (1991, August 14). *Republic Act No. 7104: An act creating the Commission on the Filipino Language*. Supreme Court E-Library. https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2743

Siagian, A. D. R., Sinaga, N. T., & Lestari, F. D. (2022). An analysis of using slang language of Gen Z based on TikTok videos: Sociolinguistics approach. *J-Shelves of Indragiri (JSI), 6*(1), 88–93. https://doi.org/10.61672/jsi.v6i1.2745

Syaputra, A. R., Sari, S., & Endang, A. (2024). The use of slang language style on social media Instagram by Gen-Z (Generation Z). *Social Sciences Journal, 1*(2), 147–152. https://doi.org/10.37676/sosj.v1i2.485

Yusuf, Y. Q., & Fata, I. A. (2022). "Gotchuu!": The use of slang in social media by Generation Z. *LiNGUA: Jurnal Ilmu Bahasa dan Sastra, 17*(2), 167–174. https://doi.org/10.18860/ling.v17i2.17756

Zulkhaeriyah, Z., Rosyadi, D., & Pujiati, T. (2022). The impact of slang language used by Gen Z on the existence of Indonesian language. *ELS Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities, 6*(3), 574–578. https://doi.org/10.34050/elsjish.v6i3.28464



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*